Pangalawa, Mr. Speaker, the constitutional provision, and if I may read Article 12, Section 11 of the Constitution, reads:

No franchise, certificate or any other form of authorization for the operation of a public utility shall be granted except to citizens of the Philippines or to corporations or associations organized under the laws of the Philippines, at least 60 per centum of whose capital is owned by such citizens.

Ang pangalawa kong tanong, Mr. Speaker, marami pong lumalabas na sinasabi ang pagmamay-ari ng ABS-CBN ay pag-aari ng isang US citizen. Nagre-renew po tayo ngayon ng isang prangkisa. Magiging batas po ito. Nakita na po natin ang ownership structure ng ABS-CBN sa ngayon at tayo po ay hindi nagba-violate ng isang constitutional provision on ownership. Batas na po ito, Mr. Speaker. Kahit sabihin po nating maghi-hearing tayo, may batas na po tayong papasukan, Mr. Speaker.

REP. VILLAFUERTE. Maganda talaga ang

mga punto ng ating kasama because malinaw talaga sa Article XVI, Section 11, "The ownership and management of mass media shall be limited to the citizens of the Philippines."

Napakaraming alegasyon po na one of the owners is not a Filipino citizen or dual citizen siya. So, these are the things that we have to address in the hearing: Did ABS-CBN violate the Constitution particularly on foreign ownership? Did ABS-CBN violate election laws by being biased or favoring another for a few candidates? Did ABS-CBN violate labor laws? Napakarami pong nagkaso sa kanila sa husgado, from the lower courts to the higher courts. Ano po ang status? Did ABS-CBN violate tax laws? Maraming nagsasabi that they set up another company to evade the payment of taxes. So, these are the things that we have to address. And I think, iyon nga ang sinasabi na iyong punto na ng ating kagalang-galang na Congressman Mike, hindi po ito mare-resolve in one hearing, two hearings, three hearings. Kailangan impartial, extensive.

Then, siyempre, kailangan din natin pasagutin ang ABS: Bakit ninyo kailangang ipagpatuloy? Bakit ba kailangang ma-grant kayo ng franchise? Dapat sagutin po nila ang akusasyon and answer the questions rightfully, extensively. So, tama po ang mga punto ng ating kagalang-galang na Cong. Mike Defensor. Kaya nga po nag-file tayo nitong Bill na ito.

REP. DEFENSOR (M.). Okay, for the record, Mr. Speaker, tinatanggap natin iyong Bill na ito at isinusulong natin dahil ang presumption natin sumusunod ito sa probisyon ng Konstitusyon. May mga alegasyon at iyon ang mga titingnan natin, Mr. Speaker.

So, thank you, Mr. Speaker.

Before the reply of the Sponsor, iyong huli na lang po, kasi, iyong akin po iyong constitutional provision on ownership, citizenship at saka po itong pangalawa, ito pong 50 years lang ang deadline ng isang corporation na magkaroon ng prangkisa. Mr. Speaker, kanina ho, informally napag-usapan po natin iyan. Gusto ko lang pong malaman kasi ang ABS-CBN, 1986, hindi ba po ba? Pero kung iyong iyong 25 years, dapat 1995. So, Mr. Speaker, again, are we violating any constitutional provision to this effect dito po sa pag-apruba natin? Dahil sobra sa 50 years ang prangkisa ng ABS-CBN kung ito po ay aaprubahan natin sa darating na panahon.

REP. VILLAFUERTE. Mr. Speaker, napakaganda talaga ng mga tanong ni Mike Defensor. Congressman, precisely, kailangan talaga ng extensive discussion.

Can you imagine iyong mga constitutional questions ni Mike Defensor, isang Congressman pa lang iyan. Can you imagine how many more will raise issues like these? This is precisely the reason why we really have to have extensive hearings conducted

not influenced by outside sources, because precisely, iyong dalawang punto na ni-raise ni Congressman Mike Defensor ay valid. Did ABS-CBN violate the Constitution regarding ownership? May malinaw din, that they cannot have a franchise for over 50 years. So ito po ang mga bagay na kailangang maresolba, at hindi po maidadaan ito sa ordinaryong hearing, hindi po ito madadaan sa ordinaryong position paper dahil this is a question of law...

REP. DEFENSOR (M.). Yes.

REP. VILLAFUERTE. ...particularly, the Constitution.

REP. DEFENSOR (M.). Thank you, Mr. Speaker. I know that the Rules Committee would like to do it because we already have a deadline, pero gusto ko lang ho sabihin, Mr. Speaker, for the record, alam ninyo, first time nangyari ito, na nag-Committee of the Whole tayo para ipasa ang isang batas. Sa isang banda ho maganda dahil may problema tayong kinakaharap, pero sa isang banda ang dami nating problemang dapat talagang harapin.

Mr. Speaker, nag-file po ako mismo ng bill, taasan ang suweldo ng mga doctor at saka nurses. Dahil ngayon, marami ng nag-i-imbata sa kanilang umalis ng bansa dahil nga sa nangyaring epidemya sa buong mundo, iyong pandemic sa buong mundo. Mayroon hong bill, kasama ko ho si Congressman Teves, pag-increase ng hazard pay ng mga LGU frontliners at national frontliners. Economic stimulus bills, nandiyan po si Congressman Stella Quimbo, kasama po sila diyan, marami silang bill na pinapasa para palakasin ang ating ekonomiya. Iyong improvement of facilities sa Department of Health. Ang dami po nating problema sa ngayon na COVID-19 talaga ang kinakaharap natin, and yet, ang Kongreso, para ma-accommodate itong problemang ito, nag-committee of the whole tayo para gawin ito.

Mr. Speaker, again, I reiterate my point, we have so many priorities, naipit lang talaga tayo. Iyong ginawa ng NTC, mali talaga, at nag-file po ako ng resolusyon diyan. Hindi dapat nagsinungaling para nagkaroon tayo ng maayos na hearing at hindi tayo natataranta nang ganito. But if and when the priority will become COVID-19 or ABS-CBN, I am sorry, Mr. Speaker, I will attend the hearings on COVID-19 laws, and the COVID-19 bills that are required of this country.

Thank you, Mr. Speaker.

REP. VILLAFUERTE. Mr. Speaker, just a few comments, magaganda talaga ang punto na sinabi ni Congressman Mike. Nakakalungkot man sabihin, COVID-19 bill, trabaho, dagdag suweldo, pero kapag nag-hearing kasi ang ABS-CBN, iyon ang kino-cover

ng media. So, iyon lang ang nakakalungkot, because this Congress is very productive, transparent, relevant, and responsible.

Ang nakakalungkot lang kasi, na ang dami na nating Zoom hearings, actual hearings to improve the lives of our people, pero hindi po nako-cover. Pero ngayon siguro itong pinag-uusapan natin na ABS-CBN, sigurado headline. Pero we would like to assure the Filipino people, we will do what is right, we will prioritize what is right, keeping in mind that we have to help our brothers and sisters na naghihirap while attending to this issue of ABS-CBN.

Salamat po, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Salamat. The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, before we continue with our interpellation, I received a text message from Hon. Arlene Brosas, and she would like me to deliver her last comments before the technical difficulties, and I would like to make this part of the record as her manifestation, that their concern is on Section 5 of House Bill No. 6732, wherein sa Constitution po kasi, Congress lang ang may power to repeal or alter franchises, but if this is regular, okay lang naman daw. And Section 9, better formulation at self-regulation by an undertaking of the grantee. The grantee shall not require any previous censorship of any speech, play, act or scene, or any other matter to be broadcast and/or telecast from its stations. And lastly, and I am supposing, Mr. Speaker, that she is referring to the GABRIELA Party-List's stand on freedom and democracy. So, yes, to press freedom, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Noted.

REP. PALMA. Mr. Speaker, next to interpellate is Hon. Ferdinand R. Gaite of BAYAN MUNA Party-List. May I move that he be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Hon. Ferdinand Gaite of BAYAN MUNA Party-List is recognized for his interpellation.

REP. GAITE. Maraming salamat po, Mr. Speaker. Pahihintulutan ba ng Sponsor ang ilang katanungan hinggil sa pinapanukalang House Bill para sa ABS-CBN franchise?

REP. VILLAFUERTE. Yes, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Salamat po. Mr. Speaker, matagal-tagal na rin nating inaabangan ito, not only during this Eighteenth Congress. As I understand, previous Congresses ay nag-file na nitong franchise bill for ABS-

CBN and for reasons, ito ay naantala. Tanong ko lang po, ano ho ba ang pinaka—kami rin po ay nagtutulak na ito ay madinig na ng ating Kapulungan kasama ang Committee on Legislative Franchises pero ano ho ba iyong pinakabuod o pinakalayunin na sa harap nga ngayon na may COVID-19, ngayon ay ibibigay natin, sa pamamagitan ng panukalang batas na ito, ang limitadong franchise para sa ABS-CBN?

REP. VILLAFUERTE. Well, maraming salamat, Mr. Speaker. Maraming salamat kay Congressman Gaite na, at least, na-mention niya na itong prangkisa na ito ng ABS-CBN, which was already filed in the Sixteenth Congress, if I am not mistaken, 2014, hindi po naaksyunan ng previous Congress, ng Sixteenth Congress, hindi naaksyunan ng Seventeenth Congress at ngayon sa Eighteenth Congress ay wala pa naman tayong 10 buwan, pero kung iisipin mo, siyempre, napakarami na nating naipasá na bills like budget. Wala namang Taal issue noong previous Congresses kaya ngayon kahit may COVID ay tinatalakay pa rin natin.

Ang desisyon talaga, basically, as mentioned, is to do what is right, have an impartial, extensive and comprehensive hearings, not to be influenced by anybody, give the Congressmen the opportunity to hear all sides, whether pro or against, in order for us to fulfill our mandate and talagang maka-decide tayo what is right, not based on outside influence and pressure. Iyan po ang basic objective lang po nito, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Salamat po, Kgg. Speaker, at sa ating Sponsor. Naitanong ko po iyan kasi alam po naman natin na itong usapin ng prangkisa ng ABS-CBN liban sa mga binanggit na mga oposisyon, ng mga iba't ibang grupo ay hindi lingid sa ating kaalaman na mismong ang ating Pangulo ay nagpahayag ng kaniyang pagtutol sa renewal ng prangkisa ng ABS-CBN.

Kung gayon, bakit ngayon ay tila biglang nagkaroon ng pagbabago sa pagtulak ngayon ng prangkisa? Alam natin, hindi lingid sa kaalaman ng ating mga kababayan, ilang ulit sinabi ni Pangulong Duterte na hindi na babalik ang prangkisa ng ABS-CBN at dapat kung gusto nila, ibenta na lang nila ang prangkisa nila. Hindi ho ba? Paano ninyo ba tiningnan ang usaping ito sa panahon na ito nga po, importante ang impormasyon, ang sinasabi ng marami o ang usapin ng freedom of speech, ang freedom of the press na daluyan ng impormasyon lalo na sa panahon ng COVID-19? Ang epekto sa mga 11,000 na manggagawa ng naturang kumpanya. Totoong may violations maaari sila ng labor laws lalo na sa dami ng mga contractals pero nevertheless, trabaho pa rin iyan. Hindi pa natin mabilang ang ilan pang mga mamamayan na umaasa rin, in one way or another, sa industriya na ibinibigay ng ABS-CBN. Papaano natin ngayon ibabalanse iyong sinasabi ng ating Pangulo na siya ay tumututol pero, on the other hand, nakikita natin

ang kahalagahan din nito lalo na sa hinaharap nating napakabigat na pasanin ng COVID-19, Mr. Speaker, Your Honor?

REP. VILLAFUERTE. Mr. Speaker, all the statements of the President, we highly respect, sinabi niya noon na tutol siya but we also respect na sinabi na po ni Press Secretary Harry Roque na he will let Congress decide and if I am not mistaken, he will act or sign it once it is forwarded to him first.

Secondly, iyong issue on the freedom of the press, para sa akin po ay hindi po puwedeng gamiting issue iyan because mas malakas, mas malusog ang karapatan guaranteeing press freedom ngayon lalong-lalo na po may social media naman, nandiyan pa naman ang GMA, nandiyan pa naman ang TV 5, and many more at higit sa lahat ang ABS-CBN po ay napapanood pa natin, ang TV Patrol, through YouTube and Facebook. So, hindi naman po totoo na naputol. In fact, this morning, I was interviewed by ABS-CBN News Channel headstart, so tuloy po ang pag-air nila.

Iyong isyu po sa 11,000 employees, valid po iyong point na iyan. The same way na valid rin po ang mga labor laws violated by ABS-CBN, not only involving casual or contractual employees, kasama rin po ang mga permanent employees na na-violate. So, eto po ay papakinggan natin lahat. But, again, this Congress is balanced and fair. Even our Speaker has mentioned several times that when he run for Vice President, nagkaroon ng biased and unfair treatment. But despite that, the Speaker is pushing for this measure to grant an extension, provisional authority to operate, franchise, until October, so that there will be an impartial and comprehensive hearing. Iyan po ang sa aking kasagutan po diyan, Mr. Speaker.

REP. GAITE. Maraming salamat po, Your Honor, Mr. Speaker.

Hindi ko na po papatagalin ang aking katanungan. Nasabi na, na-raise na ng iba nating kapita-pitagang mga kasamahan sa Kongreso na kalakhan ay nasa kanilang mga tahanan at mga opisina. Sa inyo na nandiyan mismo sa plenaryo, nagpapasalamat din kami dahil kayo iyong nagsisilbing tinig natin sa panahong ito. Sa ating mga kasamahan na manggagawa at kawani mismo ng House of Representatives, masasabi nga natin na karamihan sa kanila ay nagsasakripisyo ng trabaho at ng kanilang buhay bunga nitong COVID-19.

Ang babanggitin namin ay kami ay na-appreciate iyong pagbibigay ng pagpapahalaga rin sa isang napakalaking bahagi na ng ating buhay, ABS-CBN, na liban sa news, entertainment, iyong tulong sa serbisyo sa mamamayan, kailangang dinggin na talaga ang prangkisa nito para malaman, tulad ng nabanggit ng ating mga kasamahan, kung karapat-dapat bang mabigyan ng prangkisa ang naturang kompanya?

Maraming salamat sa pagkakataong ito, maraming

salamat sa ating mga kasamahan, at mabuhay po tayong lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we recognize the Lady from the Third District of Laguna, Hon. Sol Aragon, for her manifestation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The lady Representative from the Third District of Laguna, Hon. Sol Aragon, is recognized to interpellate the good Sponsor, Deputy Speaker Luis Raymund LRay F. Villafuerte Jr.

REP. ARAGONES. Mr. Speaker, I would like to make a manifestation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Please proceed.

REP. ARAGONES. Nais ko pong magpasalamat kay Speaker Alan Peter “Compañero” S. Cayetano at sa iba pang authors ng bill na ito, kasama ka na Deputy Speaker Raneo “Ranie” S. Abu at Deputy Speaker Luis Raymund LRay F. Villafuerte Jr.

Speaker, maraming salamat po, Speaker Alan, dahil malaking bagay po ito na posibleng magkaroon ng franchise ang ABS-CBN na tatagal hanggang October 31, 2020. Malaking bagay po ito na muling makabalik ang istasyon sa himpapawid at maging kaagapay ng gobyerno sa pagbibigay ng impormasyon sa taong bayan, o isa sa maging kaagapay sa pagbibigay ng impormasyon sa ating taong bayan, at malaking bagay din po ito para mabigyan ng pagkakataon na madinig ang iba’t ibang panig sa isyung ito. Sa ganang akin po, anuman munang kayang ibigay sa ngayon ay isang bagay na dapat na nating ipagpasalamat.

Muli, maraming, maraming, salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat, Hon. Sol Aragon.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, the next to interpellate is Hon. Sarah Jane I. Elago from the KABATAAN Party-List. I move that she be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Hon. Sarah Jane I. Elago from KABATAAN Party-List is recognized for her interpellation.

REP. ELAGO. Thank you, Mr. Speaker.

Marami po sa aking mga katanungan ay nabigyan

na ng sagot. Ngunit hayaan ninyo po na maitanong ng KABATAAN ang isa na nangangailangan pa po ng mas ibayong paglilinaw.

Will the distinguished Sponsor yield to interpellation?

REP. VILLAFUERTE. Yes, Mr. Speaker, it will be a privilege.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, what were the factors considered in determining the term of the franchise which shall be in effect until October 31, 2020? Ano po ang mga napag-usapan doon sa pagdedesisyon? Paano po tayo nagkaroon ng ganitong desisyon na hanggang October 31, 2020? Mr. Speaker, itinatanong po natin ito upang ang magandang balita ng pagbabalik ere, na bibigyan ng daan sa provisional franchise na ito ay hindi naman po magiging taning para doon sa mga manggagawa, lahat ng mga artista ng bayan na nakasalalay ang kabuhayan sa network po na ating pinag-uusapan sa ngayon.

REP. VILLAFUERTE. Thank you, Mr. Speaker. Basically, napag-usapan po iyan ng kasama naming mga authors, members of the House leadership, na until October 30, 2020 po. I think it is the right time frame to be able to have an impartial, extensive and comprehensive hearing despite the COVID-19 crisis, because as we know, marami rin naman talagang priorities ang ating kailangan na i-discuss. Na-mention na iyan, iyong mga bills na sinabi ni Congressman Mike Defensor, iyong mga pagdagdag ng hazard pay sa ating mga frontliner, iyong stimulus, iyong new normal, balik-probinsya at CURES Act.

So, we took all of these important priority measures into consideration and basically, we have to set a deadline among ourselves that by October, we should be able to decide whether to approve or reject this franchise application. So, you might ask why not nine months or three months? I think at this point, we did what is right. We think and we feel that October is the right timing, so that is why we filed a time frame, Mr. Speaker.

REP. ELAGO. G. Ispiker, nakikiisa po tayo sa layunin ng Sponsor na bigyan ng prayoridad ang mga patakaran na tutugon sa pangangailangan sa kalusugan at kabuhayan ng ating mga kababayan sa gitna ng COVID-19 pandemic. Ngunit bigyan din po natin ng halaga ang balita at impormasyon na sang-ayon po mismo sa World Health Organization, hindi lang po pandemic ang ating kalaban sa panahong ito, kundi ang natagurian nilang infodemic o iyong pagkalat po ng laganap na mga pekeng balita at disinformation na malaking hadlang sa pagsagip ng buhay sa pamamagitan ng balita at impormasyon.

Kaya naman, G. Ispiker, kasabay po ng pagtitiyak

natin na may mass testing, may contact tracing, may isolation, bilang support strategy at backbone po ng COVID-19 pandemic response, gayundin sa pinag-uusapan na nating mga recovery plan, ang kinakailangan po ay tiyakin ng ating pamahalaan na napoprotektahan ang flow ng tamang information at napoprotektahan po natin ang kalayaan sa pamamahayag at ang kalayaan sa pagpapahayag ng ating mga kababayan.

Ngayon higit kailanman, G. Ispiker, kinakailangan po na sa paglaban sa COVID-19, nandiyan ang ating pagkakaisa—pagkakaisa na nakabatay sa karapatang pantao at paggalang po sa boses ng mamamayang Pilipino.

Maraming salamat, G. Ispiker, distinguished Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Maraming salamat.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, there being no other Member who wishes to interpellate on the good Sponsor, I move that we close the period of sponsorship and debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the period of sponsorship and debate is closed.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we open the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. PALMA. Mr. Speaker, there being no Committee amendment, I move that we proceed to consider individual amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, to introduce an individual amendment, I move that we recognize Hon. Argel Joseph T. Cabatbat of MAGSASAKA Party-List to introduce amendments.

I so move.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The honorable Representative from MAGSASAKA Party-List, the Honorable Cabatbat is recognized for his individual amendment.

INDIVIDUAL AMENDMENTS

REP. CABATBAT. Thank you, Mr. Speaker. Mr. Sponsor, I would like to propose the following amendments, particularly on Section 14. I propose that we delete the word “ANNUAL” and change “APRIL 30” of the calendar year to “JULY 30, 2020,” so that Section 14 will be read as “THE GRANTEE SHALL SUBMIT A REPORT TO THE CONGRESS OF THE PHILIPPINES THROUGH THE COMMITTEE ON LEGISLATIVE FRANCHISES OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES AND THE COMMITTEE ON PUBLIC SERVICES OF THE SENATE ON ITS COMPLIANCE WITH THE TERMS AND CONDITIONS OF THE FRANCHISE AND ON ITS OPERATIONS ON OR BEFORE JULY 30, 2020. The reportorial compliance certificate issued by Congress shall be required before any application for permit or certificate is accepted by NTC.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). What is the pleasure of the Sponsor?

REP. VILLAFUERTE. I accept, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). What is the pleasure of the Majority?

REP. PALMA. Mr. Speaker, we join the Majority.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The amendment is approved.
The Majority Leader is recognized.

REP. CABATBAT. Thank you, Mr. Speaker. Last proposed amendment.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). You may proceed.

REP. CABATBAT. Thank you.

I propose that we delete “fifteen (15) days” and replace it with—Section 17, I propose that we delete “fifteen (15) days after” and be replaced by IMMEDIATELY, so that Section 17 will be read as “This Act shall take effect IMMEDIATELY after its publication in the Official Gazette or in a newspaper of general circulation.”

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). What is the pleasure of the Sponsor?

REP. VILLAFUERTE. I accept the amendment, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). What is the pleasure of the Majority?

REP. PALMA. We join, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the amendment is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, there being no other Member who wishes to introduce amendments, I move that we close the period of amendments.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the period of amendments is closed.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we approve on Second Reading House Bill No. 6732, as amended. I so move, Mr. Speaker.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). There is a motion for the approval of House Bill No. 6732, as amended, on Second Reading. As many as are in favor, please say *Aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). As many as are against, please say *Nay*. (*Silence*)

APPROVAL OF H.B. NO. 6732, AS AMENDED,
ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The *ayes* have it; House Bill No. 6732, as amended, is approved on Second Reading.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we include Hon. Raul V. Del Mar’s manifestation, which he has submitted earlier to the Committee on Rules as part of the record of today’s session.*

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved. The manifestation of Hon. Del

* See ANNEX (printed separately)

Mar is adopted, to be included in the Journal of the session.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I also move that Hon. Edgar Mary S. Sarmiento be made as additional coauthor of House Bill No. 6732.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, likewise, Hon. John Marvin “Yul Servo” C. Nieto would like to be included as coauthor of House Bill No. 6732.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we include additional coauthors of House Bills Nos. 6623 and 6732, as contained in the list to be submitted by the Committee on Rules later on.

I so move.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved. The additional coauthors of House Bills Nos. 6732 ...

REP. PALMA. ... and 6623, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). ... and 6623 upon submission of the list of the Secretariat will be considered as coauthors of both House Bills.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we suspend the session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is suspended.

It was 6:23 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 6:25 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we include the written manifestation of the honorable Deputy Speaker Baby Arenas, which she earlier submitted to the Committee on Rules as part of the Record of today's session.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). Is there any objection? The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I also move that the copies of House Bill No. 6732, the Third Reading copies, be distributed to the Members via electronic mail and the distribution of the actual and physical copy to the offices of the Members.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). I am directing the Secretariat to give the copies of House Bill No. 6732, as amended, through email and to their offices.

REP. PALMA. And through other electronic means, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). And other electronic means.

REP. PALMA. Thank you, Mr. Speaker.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we adjourn the session until three o'clock in the afternoon of Monday.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abu). May 18. The session is adjourned until Monday, the 18th of May at three o'clock in the afternoon.

It was 6:26 p.m.

* See ANNEX (printed separately)